# خصائص شهر ذي القعدة باللغة الفلبينية

# ANG BUWAN NG DHUL-QAD’AH

**Sumailalim sa pamamahala ni:**
**Shaykh Haitham bin Muhammad Sarhan حفظه الله**

**Dating Guro sa Mahad Haram sa Al-Masjid An-Nabawiy – Tagapangasiwa ng Mahad As-Sunnah**

May mga buwan na ito ay inangat ng Allah ﷻ kumpara sa ibang buwan, at kabilang sa mga buwan na ito ay ang buwan ng Dhul-Qa'dah at ito ay panglabing-isa na buwan sa taon ng Hijri.

Ito ay tinawag sa ganitong pangalan dahil ang mga Arabo ay قعدت (Qa'adat) huminto sa pakikipaglaban bilang paghahanda sa pilgrimahe sa susunod na buwan na Dhul-Hijjah.

Ang buwan ng Dhul-Qa'dah ay simula ng mga tinatawag na sagradong buwan sa Islam, at ito ay sagrado sa mga Arabo, bilang pagbigay respeto sa mga tao na pupunta sa Makkah upang magsagawa ng pilgrimahe.

At sa relihiyong Islam ay mahigpit na ipinagbabawal ang pakikipaglaban sa buwan na ito, at ipinagbabawal ang mga hindi makatarungan na gawain, at hindi maaari mag-intensyon para sa pagsagawa ng pilgrimahe maliban sa buwan na ito.

At isa sa mga katangian ng buwan na ito ay ang Propeta Muhammad ﷺay nagsagawa ng apat na beses na Umrah sa buwan na ito.

Iniulat ni Anas bin Malik رضي الله عنه na ang Propeta Muhammad ﷺ ay nagsagawa ng apat na beses na Umrah sa iisang buwan na ito ng Dhul-Qa'dah.

Sinabi ni Imam Annawawi رحمه الله : "Nagsagawa ng Umrah ang Propeta Muhammad ﷺ sa buwan ng Dhul-Qa'dah dahil sa gantimpala sa pumapaloob dito, at upang pagsalungat sa mga Jahiliyah (mga nakasanayan bago pa isugo ang Propeta Muhammad ﷺ) dahil sila ay naniniwala na ang Umrah sa mga sagradong buwan ay malaking kasalanan.

*والله تعالى أعلم...*